

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-13 NG AGOSTO 1993, SA BUTWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Baticos	- Member
Kagawad Honesto O. Taytay	- -do-
Kagawad Crisencio S. Calma	- -do-
Kagawad Ferdinand V. Talens	- -do-
Kagawad Bernabe S. Mortel	- -do-
Kagawad Josme T. Mores, Jr.	- -do-
Kagawad Ramulfo C. Bernal	- do-
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- -do-, ABC President

Absent:

Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	- Member
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- -do-, SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 45
Taong 1993

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PANGALAWANG PANGULO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS KGG. JOSEPH E. ESTRADA, NG TULONG-PINANSYAL PARA SA PAGPAPATAYO NG BAGONG PAMILIHANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ayon sa Pangkat 17 ng Local Government Code of 1991, lalong kilala bilang Batas Pambansa Blg. 7160, ang isang bayan ay nararapat lamang na magkaroon ng isa sa mga pangunahing pasilidad na magbibigay-serbisyo sa mamamayan nito, tulad ng Pamilihang Bayan;

SAPAGKA'T ang dating Pamilihang Bayan ng Bahaging ito ng Silangang Mindoro ay sinalanta ng mapaminsalang apoy noong ika-23 ng Pebrero ng nagdaang taon, 1992;

SAPAGKA'T ang marahan ngunit patuloy na pag-unlad ng bayan ng Roxas ay nagkaroon ng kagyat na pagkalumpo dahil sa malawakang pagkasunog ng pangunahing sentro ng kalakalan sa bayang ito at maging sa buong Timog Silangang Mindoro;

SAPAGKA'T ang mga institusyong pinansyal na nagbibigay-luwag sa aspetong pananalapi ay naglalaan lamang ng halagang hindi makasapat para maisakatuparan ang nabanggit na proyekto;

SAPAGKA'T may mga sangay ng ating Pamahalaan ganoon din ng sa pribadong sektor na handang tumulong subali't may pangangailangang pinansyal na counterpart na dapat maibigay ng

panahalaang lokal upang higit na mapalawak ang balikatang pagpapatayong muli ng Pamilihang Bayang ito;

SAPAGKA'T ang hinihinging pinansyal na counterpart sa panahalaang lokal ng bayang ito ay hindi pa rin sapat hanggang sa kasalukuyan upang masimulan ang napakahalagang proyektong nabanggit, kaya't ang abot-kayang tulong-pinansyal na maibabahagi ng inyong Tanggapan ay lubos at buong pita-
gang hinihiling.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Honesto O. Taytay at sa pagpapa-
ngalawa ni Kagawad Ferdinand V. Talens -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang humiling sa Panga-
lawang Pangulo ng Pilipinas Kgg. JOSEPH E. ESTRADA ng
tulong pinansyal para sa pagpapatayo ng bagong pamilihang
bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. JOSEPH
E. ESTRADA, Pangalawang Pangulo ng Republika ng Pilipinas
para sa kanyang pagsasaalang-alang at natatanging pagbi-
bigay konsiderasyon sa kahilingang ito.

Pinagtibay ng lahat.

Agosto 13, 1993

Inisponsor ni: Kagawad Honesto O. Taytay

PINATUTUNAYAN KO ang katotohanan ng kapasyahang ito.

Violeta P. Fuentes
VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

ATTESTED:

Jesus M. Dimapilis
JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

PINACTIBAY:

Delacio I. Yason
DELACIO I. YASON
Punong Bayan

Received: *Hjfalla*
08/24/93

merz/
081793